


# **EPP-IA**

## **Modyul 2:**

### **Ang Pagleletra, Pagbuo ng Linya at Pagguhit**



**EPP – IA Ikaapat na Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Module 2: Ang Pagleletra, Pagbuo ng Linya at Pagguhit  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Babilene R. Bascuña

**Editor:** Jelly M. Flores

**Tagasuri:** Filip P. Cañas

**Tagaguhit:** Fatima Preciousa T. Cabug

**Tagalapat:** Fatima Preciousa T. Cabug

**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao Jr.

Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico, Christie L. Alvarez,

Lita T. Mijares, Salvador T. Pelingon

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_  
Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Site, Rawis, Legazpi City, 4500  
Telefax: (052) 482-0046 / (052) 482-0373  
E-mail Address: [deped.rov@deped.gov.ph](mailto:deped.rov@deped.gov.ph)

**EPP-IA**  
**Modyul 2:**  
**Ang Pagleletra, Pagbuo ng Linya**  
**at Pagguhit**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagpadaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutunan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paarala



## ***Alamin***

Sa modyul na ito matututunan ang pamamaraan ng pagleletra na maaaring magamit sa paggawa ng mga proyekto.

Makikilala ang iba't ibang uri ng linya at maunawaan mga gamit nito.

Ang mga mag – aaral ay inaasahang maisasagawa ang mga sumusunod:

- natutukoy ang mga uri ng letra
- nabubuo ang iba't ibang linya at guhit
- nagagamit ang “alphabet of line” sa pagbuo ng linya, guhit at pagleletra



## ***Subukin***

Alin sa sumusunod na mga disensyo ang nakakahalinang pagmasdan? Alin naman ang pinakasimpleng istilo ng pagsulat?

- a. Sertipiko ng Pagkilala
- b. *Sertipiko ng Pagkilala*
- c. **Sertipiko ng Pagkilala**
- d. SERTIPIKO NG PAGKILALA
- e. *Sertipiko ng Pagkilala*
- f. *Sertipiko ng Pagkilala*

**Aralin  
2**

**INDUSTRIAL ARTS : ANG  
PAGLELETRA, PAGBUO NG LINYA AT  
PAGGUHIT**



***Balikan***

Isulat ang salitang **Tama** kung ang isinasaad ng pangungusap ay wasto at isulat ang **Mali** kung di – wasto ang isinasaad nito.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang linear measurement ay pagsusukat ng distansya.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang millimetre ay ang pinakamahabang yunit sa sistemang Metrik.
- \_\_\_\_\_ 3. Ang 100 sentimetro ay katumbas ng isang (1)metro.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang pagleletra ay may mhalagang bahagi sa larangan ng sining.
- \_\_\_\_\_ 5. Karaniwang ginagawa ang pagleletra upang magkaroon ng magandang disenyo sa pagsusulat.



***Tuklasin***

Ang pagleletra ay malayang ginagawa upang makabuo ng mga letra at numero sa pamamagitan ng kamay.Ito ay hindi lamang isinusulat kundi sadyang inileletra, sapagkat ang gayon ay higit na madali at mabilis isagawa bukod pa sa bihirang pagkakaroon ng pagkakamali.May iba’t ibang uri ng letra . Sa

bawat uri nito ay may iba't ibang disenyo at gamit. Ang gamit nito ay naaayon din sa paggamitan nito. May mga letrang simple at may komplikado ang disenyo.

Mga halimbawa ng Letra;

1. **Gothic** – pinakasimpleng uri ng letra na ginagamit sa mga ordinaryong disenyo. Ito ang uring pinakagamitin dahil ito ay simple, walang palamuti o dekorasyon, at ang mga bahagi ay magkakatulad ang kapal.

**Aa Bb Cc Dd Ee Ff Gg Hh Ii Jj Kk Ll Mm Nn Oo Pp Qq Rr Ss Tt Uu Vv  
Ww Xx Yy Zz**

2. **Roman** – may pinakamakapal na bahagi ng letra. Ito ay ginagawang kahawig sa mga sulating Europeo.

**Aa Bb Cc Dd Ee Ff Gg Hh Ii Jj Kk Ll Mm Nn Oo Pp Qq Rr Ss Tt Uu  
Vv Ww Xx Yy Zz**

3. **Script** –noong unang panahon ito ay ginagamit na pagleletra sa Kanlurang Europa. It ay ginagamit na pagleletra ng Aleman. Kung minsan ito ay tinatawag na “ Old English”.

*Aa Bb Cc Dd Ee Ff Gg Hh Ii Jj Kk Ll Mm Nn Oo Pp Qq Rr Ss Tt Uu  
Vv Ww Xx Yy Zz*

4. **Text** – ito ang mga letrang may pinakamaraming palamuti. Ginagamit ito sa mga sertipiko at diploma.

**Aa Bb Cc Dd Ee Ff Gg Hh Ii Jj Kk Ll Mm Nn Oo Pp Qq Rr Ss Tt  
Uu Vv Ww Xx Yy Zz**

Ang bawat larawan, disenyo at pagleletra ay binubuo sa pamamagitan ng pagdurogdong – dugtong ng mga linya at guhit. Sa pamamagitan ng mga linya at guhit na ito, ang mga larawan o disenyo ay nagkakroon ng hugis at nagiging kapaki- pakinabang na produkto.

Mag alpabeto ng Linya (pictures)



Linyang panggilid o boarder line



Linyang pangnakikita o visible line



Linyang pang di – nakikita o invisible




Linyang pasudlong o extension line



Linyang panukat o dimension line



Linyang panggitna o center line



Linyang pantukoy o reference line



Linyang panturo o leader line



Linyang pambahagi o section line



Linyang pamutol o break line











## ***Suriin***

- I. Anong uri ng letra ang ginagamit sa mga sumusunod na salita?

Salita	Mga Uri ng Letra
Diploma	
Airport	
<i>In Memory</i>	
Hospital	
Calendar	

- II. Kilalanin ang mga linyang ito. Isulat ang pangalan ng uri ng alpabeto ng linya sa patlang.

-  \_\_\_\_\_
-  \_\_\_\_\_
-  \_\_\_\_\_
-  \_\_\_\_\_
-  \_\_\_\_\_



## *Pagyamanin*

- I. Gayahin ang mga salita gamit ang iba't ibang uri ng letra sa loob ng kahon.

<b>GOTHIC</b>	<b>ROMAN</b>	<b>TEXT</b>	<b>SCRIPT</b>

1. St. Jude Parish - Gothic
2. Municipal Hall - Roman
3. Emergency Room - Gothic
4. Melissa's Botanical Garden - Script
5. Certificate of Recognition -Text

II. Gumuhit ng isang larawan gamit ang iba't ibang Alpabeto ng Linya.



***Isaisip***

Isulat ang salita na may salungguhit sa patlang ayon sa uri ng letra na nasa loob ng parenthesis.

## “ Ang Pamilya Ko”

Masayang-masaya ang pamilya Cruz na namamasyal sa parke( *Gothic*- \_\_\_\_\_) na punong puno ng bulaklak, paru – paru at insekto sa may Botanical Garden (*Text* - \_\_\_\_\_.) Bumili ng ice cream ang mga bata sa Cherry Ice Cream (*Script*- \_\_\_\_\_) na may iba’t ibang kulay habang nglalakad lakad sila sa parke.Ito ay nakaugalian na nilang gawin tuwing Linggo pgkatapos magsimba sa St. Raphael Parish Church ( *Roman* - \_\_\_\_\_.)

\*\*\*\*\* *Ating tandaan na ang alpabeto ng linya ay ginagamit sa pagbuo ng isang larawan katulad ng ortograpiko at ang sometrikong drowing. Ito ay mga uri ng drowing na nagpapakita ng bawat bahagi at kabuuan ng isang larawan.*



### **Isagawa**

I. Gawin Natin To

CERTIFICATE OF RECOGNITION (*Script*)

is hereby awarded to ( *Script*)

QUINBERLENE R. BASCUNA (*Gothic*)

For being With Honors during the First Quarter of School Year  
2019 – 2020.(*Gothic*)

Given this 30<sup>th</sup> of September 2019,at Pag – Asa Elementary  
School, Pili, Camarines Sur (*Roman*)

II. Gumuhit ng tatlong (3) larawan na gamit ang iba't ibang uri ng mga linya.

RUBRICS/ Kraytirya	Puntos	
	Ganap na Puntos	Marka ng Bata
I.Kompletong Kasangkapan	20	
II.Malinis at angkop ang gawa	20	
III.Angkop ang linya na ginamit	30	
IV.Natapos sa takdang panahon	20	
V.Kahanga -hanga	10	



## **Tayahin**

- I. Sagutan ang mga sumusunod at bilugan ang titik ng tamang sagot.
1. Tinatawag na “Old English.”
    - a. Script    b. Gothic    c. Text
  2. Pinakasimpleng uri ng letra.
    - a. Roman    b. Text    c. Gothic
  3. Pinakamakapal na bahagi ng letra.
    - a. Gothic    b. Script    c. Roman
  4. Uri ng letra na may pinakamaraming palamuti.
    - a. Text    b. Roman    c. Script
  5. Ito ay malayang ginagawa upang makabuo ng mga letra at numero sa pamamagitan ng kamay.
    - a. Roman    b. Gothic    c. Pagleletra

II. Iguhit ang iba't ibang uri ng linya.

- 6. border line - \_\_\_\_\_
- 7. center line - \_\_\_\_\_
- 8. leader line - \_\_\_\_\_
- 9. break line - \_\_\_\_\_
- 10. section line - \_\_\_\_\_



## ***Karagdagang Gawain***

A. Gumawa ng slogan o salawikain gamit ang Text na pagleletra

B. Iguhit ang mga bagay sa makikita sa paligid gamit ang iba't ibang uri ng linya. Gawin ito sa isang 1/8 na illustration board at lagyan ng boarder line ang gilid.

*Mahusay... Natapos mong Pag-aralan ang module na ito!*



**Susi sa Pagwawasto**

<b>BALIKAN</b> 1. tama 2. mali 3. tama 4. tama 5. tama	<b>SURIIN</b> I. 1. TEXT 2. GOTHIC 3. SCRIPT 4. ROMAN 5. GOTHIC II. 1. extension line 2. invisible line 3. dimension line 4. reference line 5. section line
---	---

<b>PAGYAMANIN</b> I. GOTHIC -ST. JUDE PARISH -EMERGENCY ROOM -MUNICIPAL HALL TEXT -CERTIFICATE OF RECOGNITION -MELISSA'S BOTANICAL GARDEN SCRIPT
---

<b>PAGTATAYA</b> I. 1. a 2. c 3. c 4. a 5. c
--

## ***Sanggunian***

Sheila Mae R. Roson, Roberto B. Torres, Randy R. Emen, 2015. *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan Kagamitan ng Mag – aaral*, Pasig City Philippines 1600: Vibal Group Incorporated.



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)